Kneeling in the Name of Jesus

(Philippians 2:6-11)

A. Noong nakaraan ay ating napag-aralan na mayroon tatlong dapat gawin sa pangalan ni Jesus. Mga ito ay:
   1. Lahat ng tao ay dapat sumampalataya sa pangalan ng Panginoong Jesus upang magkaroon tayo ng kaligtasan, buhay na walang hanggan at bigyan tayo ng karapatang maging anak ng Diyos. (John 3:18; 20:31; 1:12; 1John 5:13)
   2. Lahat ng tuhod, maparoon man sa langit, narito man sa lupa o nasa ilalim ng lupa, ay luluhod sa pangalan ng Panginoong Jesus. (Philippians 2:9-11)
   3. Walang tatawagan ng tao kundi ang pangalan ng Panginoong Jesus upang ang tao ay mailigtas sa lahat ng kapahamakan at magaroon ng buhay na walang hanggan at maging tutuong anak ng Diyos. (John 14:13; 16:23-26; Acts 4:12; 9:10-22; Romans 10:13; 1Corinthians 1:2)

B. Bakit napakahalaga ang pangalang Jesus?
   1. Ang pagpapakumbaba at pagiging masunurin ng Panginoong Jesucristo sa kagustuhan at kalooban ng Dios Ama. Noon magkatawang tao ang Dios Anak na Panginoong Jesucristo at kunin at taglayin ang sariling katalagahan ng tao, si Jesus ay nagpakumbaba at naging masunurin sa Dios Ama na Siyang nagsugo sa Kaniya dito sa lupa at ang Kaniyang pagiging masunurin sa Dios Ama ay Kaniyang itinaguyod sa sukdulang pagpapakasakit ng Kaniyang sarili sa pamamagitan ng paghahain ng Kaniyang katawang tao hanggang kamatayan sa krus upang maganap Niya ang kagustuhan at kalooban ng Ama. Dahil diyan si Jesus ang katuparan ng lahat na itinatakda ng mga propeta at kautusan at lahat ng pagsasalarawan patungkol sa Tagapagligtas ng sanlibutan doon pa man sa Lumang Tipan (Luke 24:26-27, 44-47). Itong itinatakda sa Lumang Tipan ay Kaniyang isinaganap sa paghahain ng Kaniyang katawan bilang nagpapakasakit at nagdurusang alipin (suffering servant). Bilang alipin ay Kaniyang tinupad ang pay ng Dioa Ama na matubos at mailigtas ang sanlibutan sa pagako Niya ang kasalanan ng sanlibutan at Kaniyang mabayaran sa paghahain ng buhay ng Kaniyang katawan hanggang kamatayan.
   2. Pakatapos mabigyan ng kaganapan ng Panginoong Jesucristo ang ganitong gawain NIya, Siya ay muling nabuhay sa Kaniyang katawang tao na lumasap ng kamatayan. Itong katawan ng Dios Anak na Kaniyang binuhay muli at niluwalhati (John 10:17-18) ay umakyat sa kanang dako sa luklukan ng Ama doon sa kaluwalhatian.
   3. Dahil ang Dios Anak ay masunurin sa Dios Ama, kaya naman ang Dios Ama ay binigyan Niya ang Dios Anak ng pangalan na higit na mataas kaysa mga pangalan upang sa pangalang Jesus ang lahat ng tuhod, maparoon man sa langit o maparito man sa lupa o naroon man sa ilalim ng lupa ay luluhod sa pangalang Jesus sa ikaluluwalhati ng Dios Ama.
   4. Ang nagbigay ng mataas na katatayuan o kadakilaan sa pangalang Jesus ay ang Dios Ama. Kaya naman binigyan ang Dios Anak na nagkatawang tao ng sakdal at higit na dakilang pangalang Jesus ay dahil hindi lamang isinaganap ng Dios Anak iyong kalooban ng Dios Ama kundi ang Dios Anak ay karapatdapat na taglayin Niya yaong pangalan na mataas sa lahat na mga pangalan. Ibig sabihin, “the Son deserves His name given Him by the Father.

C. Bakit karapatdapat na taglayin ng Panginoong Jesus ang Kaniyang pangalan na higit na mataas kaysa lahat ng mga pangalan?

1. Ang Panginoong Jesucristo na nanaog dito sa lupa mula sa itaas ay mataas sa lahat. “He that cometh from above is above all: he that is of the earth is earthly, and speaketh of the earth: he that cometh from heaven is above all.” (Joh 3:30-31) Ito ang nagpapatunay sa atin na ang Panginoong Jesucristo ang “the Most High God” (El Elyonn, ang Kataastaasang Dios). Philosophically, ang magiging katawagan diyan ay “Supreme Being” o sukdulang kataastaasang pagkakapangyari (Being), walang iba kundi Dios.
2. Sa Genesis 14:18-20, iyong Dios ni Melchizedek na Siyang nagpala kay Abraham ay Siya iyong Kataastaasang Dios na mayari ng sangkalangitan at sangkalupaan. Samakatuwid, ang Dios na Siyang pinakamataas sa lahat sangayon sa John 3:30-31, walang iba kundi ang Panginoong Jesucristo, ay Siya rin ang may-ari ng sangkalangitan at sangkalupaan ayon sa Genesis 14:18-20. May karapatan ang Panginoong Jesucristo na magmayari ng langit at lupa sa 3 kadahilanan:
   a. May karapatan Siyang magmayari ng lahat na Kaniyang ginawa sapagkat Siya ang lumalang ng lahat at bawat bagay at walang anomang nalalang kundi sa pamamagitan nitong Panginoong Jesucristo (John 1:3, 10; Col. 1:16);
   b. May karapatan ang Panginoong Jesucristo na magmayari ng lahat ng bagay sapagkat ang Panginoong Jesucristo ang itinakda ng Dios Ama na Tagapagmana ng lahat ng bagay (langit at lupa) (Hebrews 1:3);
   c. May karapatan ang Panginoong Jessucristo na magmayari ng lahat ng bagay sapagkat Siya ang tumubos at nagligtas ng lahat sa lahat ng kapahamakan. (Titus 2:13-14; Hebrews 10:10; 1Peter 3:18; 2Corinthians 5:14-15)

   Bilang may karapatang magmayari ng lahat, nasa disposition Niya ang lahat ng mga bagay. Kaya inilagay ng Dios Ama ang lahat ng bagay sa kamay ng Anak. (John 3:35)
3. Isa dahilan bakit ang Panginoong Jesucristo ay mataas sa lahat. Ito ay may kaugnayan sa kung anong buhay ang taglay ng Panginoong Jesucristo. Sangayon sa 1Jn 1:1-2, ang Panginoong Jesucristo na sinasaksihan ng mga apostol ay nakita at namasdan ng kanilang mga mata, narinig ng kanilang mga tainga at nahipo o nahawakan ng kanilang mga kamay, Siya iyong nahayag sa kanila na Salita ng Buhay. Ito ang buhay na walang hanggan na kasama na ng Ama doon pa man sa kaunaunahan. Samakatuwid, ang pakilala sa Panginoong Jesucristo ay Siya iyong buhay na walang hanggan. Ito ay pinapatunayan din sa 1John 5:9-13 na sinasabi, “Tayo ay binigyan ng Dios Ama ng buhay na walang hanggan at ang buhay na walang hanggan na ito ay nasa Kaniyang Anak. Kaya sinomang nagmamayroon ng Anak ay may buhay na walang hanggan dahil itong Anak na isinugo ng Dios ay buhay na walang hanggan (1John 5:20). Palibhasa walang hanggan ang Kaniyang buhay, wala nang tataas pa sa antas ng buhay na walang hanggan ng Panginoong Jesucristo. Samakatuwid, kung ibigay sa Kaniya ng Ama ang pangalan na higit na mataas kaysa mga pangalan ay angkop lamang iyon sa Panginoong Jesucristo sapagat Siya ay kataastaasang Dios.
4. Isa pang dahilan ay ang nadaig Niya ang sukdulang maabot ng kakayahan ng sanlibutan pagkatapos nagampanan ng Panginoong Jesucrisro na gawain ng pagliligtas ng buong sanlibutan.
   a. Ano iyong sukdulang hangganan na kakayahan ng sanlibutan pagkatapos magkasala? What is the ultimate boundary of the total capability or potency of the whole world or universe after mankind fell into sin? Ang sukdulag abot kaya ng

sanlibutan ay KAMATAYAN. The ultimate boundary of existence of this finite world is DEATH due to sin.

b. Sa pagkabuhay na maguli ng Dios Anak, sa Kaniyang katawang tao na Siyang lumasap ng kamatayan sa pagkaka-ako Niya sa sanlibutan, ay Kaniyang nalampasan ang kamatayan. Kaya noong umakyat ang Panginoong Jesucristo sa sangkalangitan at kaluwalhatian, ang Panginoong Jesucristo ay higit na lumampas sa langit na bahagi ng sanlibutan. Sa Epheso 4:8-10 ay sinasabi na noong umakyat ang Pangioong Jesucristo sa itaas, Siya ay umakyat ng ibayong higit kaysa mga langit. (Ephesians 4:10 He that descended is the same also that ascended up far above all heavens, that he might fill all things.)

c. Noong nabuhay na maguli ang Panginoong Jesucristo sa Kaniyang katawang tao na Kaniyang niluwalhati, umakyat Siya sa ibayong higit kaysa mga langit dahil ina-assume at rine-resume na Niya ang Kaniyang pag-iral sa kapupusan ng Kaniyang pagka-Dios. Ang sanlibutan na ito ay may hanggan kaya hindi maaaring masilid ang buhay na walang hanggan ang Panginoong Jesucristo sa sanlibutan dahil nanumbalik na Siya sa pagpapairal ng Kaniyang buhay na walang hanggan sa ganang sarili Niya bilang Dios Anak.

d. Kaya ang Dios Ama ay nagpahayag sa lahat na ang Dios Anak ay mataas sa lahat kaya angkop na bigyan Siya ng Dios Ama ng pangalan na higit na mataas kaysa lahat na mga pangalan. At sapagkat karapatdapat na taglayin Niya ang pangalan na higit na mataas sa lahat ng mga pangalan, ito naman ay nangangahulugan na ang lahat ng mga tuhod na naroon sa langit o lupa o sa ilalim ng lupa ay karapatdapat at kinakailangang lumuhod sa Panginoong Jesucristo. Bakit

    1) Kalooban ng Dios Ama at sa ikaluluwalhati ng Ama
    2) Karapatan ng Dios Anak na nagkatawang tao
    3) Sinasaksihan ng Dios Espirito Santo sa Kaniyang pagluwalhati sa Panginoong Jesucristo (John 16:13-15)
    4) Nararapat, makatarungan at kinakailangang lumuhod ang lahat ng nilalang sa nakakataas sa lahat bilang pagpapasakop o pagsuko, pagsangayon at pagsamba (cf. past lesson, “What is in the Name of Jesus”) sa pangalan ng Panginoong Jesucristo at hindi sa rebulto, estatuwa, imahen o relihiyon. Ang tangi nating luluhuran ay ang pangalan ng Panginoong Jesucristo bilang paggalang, pagpapakumbaba, pagpapasailalim sa Kaniya.

D. Kung tayo ay nagpasakop sa Panginoong Jesucristo, tunay na Siya ang maninindigan na ating kaligtasan, Siya ang magbibigay sa atin ng Kaniyang buhay na walang hanggan at Siya ang magsasalo sa atin ng Kaniyang kaluwalhatian at walang hanggang dangal. Samakatuwid, ang Dios Anak na ang maging lahat sa ating buhay kung tayo ay luluhod sa Kaniyang pangalang Jesus.